# PAGHAHASIK AT PAG-AANI

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder
Nobyembre 27, 2021

Pagkatapos iligtas ng Diyos si Noah at ang kanyang pamilya mula sa 40 araw at gabi sa baha, ang unang ginawa ni Noah ay nagtayo ng dambana at naghandog para sa Panginoon. Natuwa ang Diyos sa kanya at nangako sa sangkatauhan sa pamamagitan ng kanyang pananampalataya. Isa sa mga ibinigay na pangako ng Diyos ay ang prinsipyo ng paghahasik at pag-aani (Gen.8:22). Ang buhay ay nagsisimula sa ganitong prinsipyo; ang ani ay nagmumula sa mabuti o masamang binhi na ating itinanim.

Ang Talinghaga tungkol sa Maghahasik (Mateo 13:1-9) ay isang perpektong halimbawa ng Diyos na magsasakang naghahasik ng Salita ng Diyos sa ating puso (lupa) at kung paano tayo tumugon sa Mabuting Balita ng Ebanghelyo.

**Iba't ibang uri ng puso:**

**1. Matigas na puso (daanan) -** ito ang mga Kristiyanong may pusong sinusunod lamang ang kanilang nais at nagbibingi- bingihan sa mga kautusan ng Diyos. Nagiging matigas sila at pinipiling gawin ang mali kahit alam nilang hindi ito kalugod-lugod sa Diyos.

**2. Mababaw na Puso (Mabatong Lupa) -** sumasagisag sa mga Kristiyanong may mababaw na pangako na ang kanilang desisyon ay galing sa kanilang emosyon. Nakikinig sila sa Salita ng Diyos, ngunit kapag dumaranas na sila ng pagsubok, mabilis silang tumatalikod sa Kanya.

**3. Matinik na puso (Matinik na lupa) -** ito'y humahalintulad sa mga mananampalatayang nakarinig at nakatanggap ng Mabuting Balita ngunit mas inuuna nila ang mga maka-mundong bagay (pera, katanyagan, negosyo). Madali silang maakit sa makamundong bagay hanggang makalimutan na nila ang Diyos.

**4. Mabuting Puso (Matabang Lupa) -** Ito ay sumasagisag sa Kristiyanong nakarinig sa Salita at naunawaan ito. Namumuhay sila ayon sa Salita ng Diyos at may magandang pananaw at maayos na pakikitungo sa iba. Nag-iisip sila ng paraan kung paano makahikayat ng mga nagugutom at nauuhaw sa Diyos. Mga Kristiyanong may mabuting puso at naninindigan sa katotohanan bilang taga sunod ni Kristo.

Bukod dito, ang mabuting lupa ay siguradong magbubunga ng daang beses. Kagaya ng sinabi ni Kristo, kapag ang buto ay nahulog sa matabang lupa, nagkaka-ugat at nagkakaroon ng maraming bunga. Tandaan natin walang pusong matigas na hindi kayang palambutin ng Diyos, anumang problema at pagsubok ay mapagtatagumpayan kung tayo ay mananatili sa Kanya (Juan 15:5-8).

Dagdag pa nito, ang maging magsasaka sa kaharian ng Diyos, kailangang maging matiyaga at huwag tumingin sa panahon; ang naghahasik na may kasamang luha ay mag-aani ng may kagalakan (Awit 126:5-6). Kailangang sabik tayong ipamalita ang pagmamahal at mga biyaya ni Kristo at maging masipag sa paghahasik araw at gabi. Hayaan nating maging tapat ang ating desisyon hanggang makamit ang inaasahang bunga.

**Konklusyon:**

Huwag tayong manghinawa sa gawain para sa Panginoon, dahil sa takdang oras may naghihintay na gantimpalang nakalaan para sa atin. Maaaring may mga tinik, dawag, at damo sa ating daraanan sa buhay na susubukang pigain ang ating pananalig ngunit huwag tayong magpokus sa ating sarili kundi magpokus tayo sa magagawa ng Diyos. Dapat lagi tayong handa at huwag maging kagaya ng mababaw na lupa. Lagi nating ituon ang ating puso at isip sa Diyos, upang makapaghikayat tayo ng mga kaluluwa tungo sa Kanya (Hosea10:12)

**Pagninilay:**

1. Naghahasik ba tayo ngayon, upang may maaani sa takdang panahon?
2. Nasuri na ba natin ang ating puso at natanong kung paano makapapasok ang Diyos sa ating buhay?
3. Handa na ba tayong maging magsasaka ng Diyos sa Kanyang kaharian?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P. Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags:#makamundongalalahanin #salita ng Diyos